INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue I
August 2025
Available online at https://www.instabrightgazette.com

# ANG HULING TIKBALANG SA LUNGSOD NG USOK

ni:
SHAREE D. JASMIN
DWIGHT GNARL A. REVILLA

Sa isang mundong ang mga alamat ay na-archive na lamang bilang footnote sa Wikipedia, at ang mga diwata'y kinahon na sa mga collectible NFTs, may nilalang na hindi pa rin ganap na naglaho—isang aninong naglalakad sa pagitan ng mga alalahanin at algorithm.

Ang lungsod ay walang iniwan sa likod—maliban sa kalawang, kalungkutan, at mga bugtong na hindi na sinasagot.

Sa ilalim ng himig ng tren na hindi na umaandar, sa lilim ng mga poste ng ilaw na hindi na naiilawan, naninirahan si Tik—ang huling tikbalang.

Hindi siya tulad ng mga nababasa sa lumang kwento. Ang kanyang ulo'y hugis-kabayo, ngunit yari na sa pinagsamang bakal at sirang motherboard. Ang kanyang mga mata'y CCTV lens na umiikot-ikot sa dilim, at ang kanyang buntot ay himulmol ng fiber-optic cable, sumasayaw sa daloy ng digital na hangin.

"Ako ang anino ng mga kwento ninyong iniwan," wika niya minsan sa wala.

Sa araw, siya'y isang ghost file—corrupted data sa sistema. Isa siyang glitch sa mga city records, isang bug sa memorya ng mga makina. Tinuturing siyang anomaly sa mga surveillance log, isang error 404 sa kasaysayan.

Ngunit sa gabi, siya'y bantay ng alaala ng mga mitong halos burado na sa isip ng mga taong mas kilala ang mga influencer kaysa mga diwata; mas kabisado ang algorithm ng TikTok kaysa ang pangalan ng mga diwata ng Maria Makiling, Mariang Sinukuan, o Mariang Cacao.

Bantay siya ng mga tikbalang na napalayas sa kabundukan ng modernisasyon, ng kapre na ngayo'y nagtatago sa usok ng vape shops, ng duwendeng pinaalis sa kanyang punso na ginawang parking lot. Tagapangalaga siya ng aswang na tumigil nang mangain dahil mas

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

madugo pa raw ang mga comment section ngayon, ng manananggal na nawalan ng pakpak nang makulong sa drone surveillance.

Nasa kanya ang kwento ng Ibong Adarna na hindi na makakanta dahil naka-ban sa audio filter, ng Bernardo Carpio na hindi na makalaya sa ilalim ng bundok dahil tinambakan na ng basura, at ng mga diwatang nagtatagong hacker sa dark web, hinahabi ang mga lihim ng mundo sa anyo ng code at bugtong.

Kung may naririnig kang kuwentong parang totoo pero wala sa libro, kung may pakiramdam kang may matang nakatingin mula sa madilim na sulok ng screen, marahil, si Tik iyon, nagbabantay hindi lang ng mga alamat, kundi ng mismong alaala kung paanong dati, ang tao'y nakikinig pa sa lupa, sa hangin, at sa gabi.

Isang gabi, habang gumagala si Tik sa lumang tunnel ng LRT Line 1, isang linya ng tren na hindi kailanman natapos at ngayon ay inakalang walang silbi, narinig niya ang isang mababang tawa.

"Tik," bulong ng tinig na parang hangin sa loob ng banga. "Hindi mo pa rin talaga matanggap, ano?"

Mula sa dilim, lumitaw ang isang aninong balot sa alimuom. Isang kapreng may mata ng pulang ilaw sa poste, may usok ng vape sa bibig, at may cellphone sa kamay.

Si Kap, ang kapre ng San Vicente. Dati siyang bantay ng balete sa may paanan ng bundok, ngayon ay nakatira sa abandong gusali kung saan ang rooftop ay ginawang CR ng mga delivery rider.

"Wala na tayong puwesto sa mundong ito," ani Kap. "Tayo'y mga bookmark sa librong ayaw nang basahin."

Tumingala si Tik. Ang kisame ng tunnel ay may mga ukit na nilikha ng mga duwende, mga sinaunang simbolo, ngayo'y tinatakpan ng graffiti at political ads.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

"Hindi ako umaasa ng puwesto," sagot ni Tik. "Ang hinahanap ko, alaala. Bawat isa sa atin ay sinulid. Kapag naputol lahat, wala nang tela ang kultura."

Napahithit ng vape si Kap. "At kapag wala nang kultura, mas madali tayong palitan ng content."

Sa gilid ng estasyon, may humuni. Mababang tono, parang sirenang pagod na. Lumitaw si Rena, ang sirenang dati'y umaawit sa ilog Pasig, ngayo'y gumagawa ng beats gamit ang basag na speaker at tinig na ni-reconstruct ng AI.

"Hindi niyo ba nararamdaman?" aniya. "Unti-unti na tayong ginagaya. Ginagawan ng filter. Ginagawang aesthetic. Pero hindi na tayo kinikilala bilang totoo."

Umiling si Tik. "Hindi ko problema ang makalimot ang mundo. Problema ko kapag naniwala na ang mga bata na hindi na kailanman may ganito."

Tahimik ang lahat.

Saka nagsalita si Tik.

"Ang mga kwento, hindi nauubos.

Nauubos lang ang mga tagapakinig."

Si Ngayon, isang batang hacker na may matalas na isip at malasang hilig sa paglalampas sa mga limitasyon ng teknolohiya, ang unang naka-konekta muli kay Tik, hindi sa katawan nitong gumagala sa lumang tunnel, kundi sa anino nitong digital, sa repleksyon nitong nais lumigtas mula sa pagkalimot. At lahat ay nagsimula nang hindi sinasadya.

Isang gabi, habang sinusubukan ni Ngayon mag-backdoor sa isang lumang city server para sa isang personal na proyekto sa coding, nadapa siya sa isang sadyang lihim na folder—walang label, walang timestamp, ngunit may bigat ang pangalan:

SHDW-N3TW0RK.exe

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

Pagbukas ng file, sumambulat sa screen ang isang bugtong:

"Ano ang nalilimutan ngunit kailangang maalala upang manatiling tao?"

Napakunot-noo si Ngayon. Ito'y hindi bahagi ng kanyang script. Wala sa planong linya ng code. Ngunit may kung anong panawagan sa tanong—hindi sa utak, kundi sa alaala.

Nang pindutin niya ang enter, biglang nagbago ang screen. Umangat ang liwanag ng monitor, at unti-unting nabuo ang imahe ng isang nilalang: naglalakad sa loob ng isang digital tunnel, ang kanyang mga yapak ay lumilikha ng apoy sa sahig ng binary code. Sa gitna ng screen, nakatayo si Tik—ngayo'y isang hologram ng alaala, isang multo ng mito.

"Bakit ka nandito?" tanong ni Ngayon.

"Ako'y aninong naiwan sa pagitan ng kwento at coding," sagot ni Tik. "Alaala ako ng mga panahong nakikinig pa kayo sa hangin, at naniniwala pa ang tao sa bulong ng punso. At ikaw… ikaw ang unang nakaalala sa akin. Kahit hindi mo sadya."

"Pero hindi ko naman intensyon. Nagkamali lang ako ng input."

"Ang alaala, bata, ay hindi laging sinasadya.Minsan, ang mga pagkakamali ang tanging daan pauwi."

At nagsimula ang paglalakbay.

Hindi sa pisikal na lungsod, kundi sa memorya nito, mga pixel ng nakaraan, mga alikabok ng kwento.

Sa isang lumang sinehan na ngayo'y tinabunan ng modernong app hub, nakaupo ang mga duwende. Nagkakape sila habang pinapanood ang rerun ng kanilang sariling pagbagsak, mga bahay nilang giniba para pagtayuan ng matataas na gusali, tinanggalan ng lupa't ugat.

Sa mga abandonadong estasyon ng tren, ang mga engkanto ay nagsusulat ng mga bugtong sa pader gamit ang QR codes. Kapag na-scan, lumilitaw ang mga tula tungkol sa kawalan, paggunita, at galit na hindi na marinig.

****************************************************************************************************
Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
****************************************************************************************************

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VII, Issue I**
**August 2025**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*
****************************************************************************************************

Sa mga eskinita, naroon si Rena, ang sirenang dating umaawit sa Ilog Pasig. Ngayon, gamit ang lumang MP3 player, nililika niya ang mga beat ng lungsod—trap music na hango sa tunog ng jeep, ng yabag, ng humahagulhol na kalye.

“Ang mito,” sabi ni Tik, “ay hindi kathang-isip.Isa itong sining ng pag-alala.Isang buhol ng paniniwala, ugat ng pagkatao.Pero kapag nalimot, nabubura rin ang sarili ng bayan.”

“Bakit tila ayaw na ng mga tao sa mga kwento niyo ngayon?” tanong ni Ngayon.

“Hindi nila kami sinadyang kalimutan.Tinuruan lang silang ituring na sagabal ang nakaraan.Sa sobrang bilis ng takbo ng mundo,akala nila kung ano lang ang viral, iyon lang ang totoo.Nakalimutan nilang may mga ugat silang hindi nasasagap ng signal.”

“Pero hindi ba mas makapangyarihan ngayon ang mga kwento? Viral, mabilis, global?”

“Kwento nga, pero walang ugat. Trending, pero hindi tumitimo.Ang tunay na kwento ay hindi lang binabasa, pinaniniwalaan, isinasabuhay.Hindi lahat ng views ay alaala. Minsan, tunog lang ng mga click.”

Ngunit habang lumalalim ang paglalakbay, may napansin si Ngayon.

Sa tuwing nagbubukas siya ng koneksyon sa Shadow Network, may mga bahagi itong nananahimik. May mga nilalang na dati’y nagsasalita, ngayo’y wala nang sagot. May mga bugtong na wala nang nakaka-decode. Mga kwento na parang binubura ng mismong system update ng mundo.

“Unti-unti kaming nawawala,” ani Tik.“Hindi dahil wala na kami…kundi dahil wala nang naniniwala.”

“Bakit mahalaga pa rin ang mga kwento, kung wala namang nakikinig?” tanong ni Ngayon.

“Dahil ang kwento ang huling depensa laban sa paglimot.Kapag nawala na ang mga kwento, mawawala rin ang kakayahan nating kilalanin ang sarili.Ang taong walang alaala, madali nang idikta.”

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
****************************************************************************************************

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue I
August 2025
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

"Paano kita maililigtas?" tanong ng bata.

"Isulat mo ako.Hindi para takutin. Hindi para gawing assignment.Isulat mo ako para maalala.Para maalala ninyong minsang may mundo bago kayo napasailalim sa screen.Dahil ang isinusulat, kahit hindi palaging binabasa, ay may tsansang mabuhay."

"Pero… sapat ba iyon?"

"Sapat na ang isang bata na may lakas ng loob na magsimula.Sapat na ang isang alaala na hindi nagpabura.Mula sa isang titik, muling bubuo ang kwento."

At sa huling segundo ng koneksyon, habang nagsisimula nang maglaho ang hologram ni Tik sa harap ni Ngayon, bumaba ang boses nito sa isang bulong, hindi sa tenga, kundi sa loob ng puso:

"Hindi kailangang maniwala upang makaalala.Ngunit kung wala nang mag-aalala,tuluyan nang mawawala ang daan pabalik sa sarili."

At kaya isinulat ni Ngayon ang kwento ng Huling Tikbalang sa Lungsod ng Usok, hindi para sa marka, hindi para sa likes, kundi para iligtas ang natitirang piraso ng mundong nalimutan na ng panahon.

Ngayon, tuwing may error sa signal, tuwing may glitch sa app, tuwing may alingawngaw sa dilim, may maririnig kang yabag ng kabayo sa pagitan ng mga frame, isang lagitik sa digital na hangin.

At marahil, iyon ay paalala:

Na may mga kwento tayong kailangang balikan,hindi upang manatili sa nakaraan,kundi upang maalala kung sino tayobago tayo naging produkto ng algorithm.

**Editorial Team**

**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes

**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza